| | | |
|---|---|---|
| PhilHealth — Your Partner in Health | **TAMANG SAGOT (TS)**<br>**Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular** | |
| | **Circular No.** | **2022-0025** |
| | **Title** | **"Quality Policy on the Diagnosis and Management of Asthma in Adults as Reference of the Corporation (Rev.1)"** |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| **1. Ano ang nilalaman ng Circular na ito?** | Ito ay Circular para sa tamang pagsusuri at pangangalaga ng hika sa mga adult na nagkaroon ng pagbabago ayon sa bagong "clinical practice guidelines" at opinyon ng mga experto sa hika. Ang PC 2016-004 ay inaamyendahan nito. |
| **2. Ano ang hika?** | Ang hika o "asthma" ay isang kondisyon sa "respiratory system" na dulot ng pamamaga sa daanan ng hangin na nagiging dahilan sa pagkipot nito. Ang sintomas ay maaring pabalik-balik at tumatagal (bata hanggang sa pagtanda) kung hindi ito ma-kontrol. |
| **3. Ano ang layunin ng PhilHealth Circular (PC) na ito?** | Ang pangunahing layunin ng PC 2022-0025 ay para magbigay ng impormasyon sa mga PhilHealth-accredited na doktor at ospital kasama na rin ang mga miyembro o pasyente tungkol sa tama at makabagong rekomendasyon sa pagsusuri at paggamot ng asthma kasabay ng pagamit benepisyo sa PhilHealth. |
| **4. Ano ang mga tinitingnan sa history ng pasyente upang masabing ito ay hika?** | a. Paulit ulit na ubo na maaring lumalala sa gabi o sa madaling araw;<br>b. Humihingal o kawalan ng hininga;<br>c. Paghigpit ng dibdib;<br>d. Mga sintomas na maaring dulot ng virus impeksyon katulad ng pagsipon o dulot ng ehersisyo o "allergen" o pagbabago ng panahon;<br>e. Lahi ng asthma o allergy;<br>f. Pagpapabuti ng kundisyon gamit ang anti-asthma na gamot. |
| **5. Ano ang mga paraan na ginagamit sa pagsusuri ng hika?** | a. Spirometry<br>b. Peak expiratory flow (PEF) |
| **6. Kailan dapat i-admit sa ospital ang taong mayroong hika?** | a. Pasyente na may "status asthmaticus"<br>b. Atake ng asthma na hindi gumagaling sa mga gamot |
| **7. Ano ang inirerekomendang paggamot para sa hika?** | Pagsuri sa pasyente upang malaman ang kalubhaan at maibigay ang kinakailangang therapy. |

| | |
|---|---|
| | Batay sa clinical practice guidelines, ang mga sumusunod ay ang gamot para sa mga pasyenteng inaatake ng hika:<br><br>Para sa "maintenance medication":<br>a. Inhaled corticosteroid – long-acting beta2-agonist (ICS-LABA)<br>b. Inhaled corticosteroid<br>c. Leukotriene receptor antagonist<br>d. Tiotropium<br>e. Theophylline<br><br>Para sa "acute exacerbation" na hika.:<br>a. Oxygen<br>b. SABA (short-acting beta2 agonist)<br>c. SABA + Ipratropium bromide<br>d. Systemic steroids<br>e. Intravenous magnesium sulfate |